Mga Bagay na Dapat Malaman Tungkol sa Pagboto at Eleksyon

Multnomah County Elections

Sino ang maaaring mag-sign up upang bumoto sa Oregon?

Maaari kang mag-sign up upang bumoto kung nakatira ka sa (residente ng) Oregon, mamamayan ka ng Estados Unidos, at ikaw ay hindi bababa sa 16 taong gulang. Makukuha mo ang una mong balota sa koreo kung ikaw ay hindi bababa sa 18 taong gulang.

Paano ako magsa-sign up upang bumoto?

- **Mag-sign up online upang bumoto** sa website ng Oregon Secretary of State sa *oregonvotes.gov/myvote*. Dapat ay mayroon kang lisensya sa pagmamaneho o card ng pagkakakilanlan ng Oregon upang mag-sign up online.
- **Mag-sign up upang bumoto sa pamamagitan ng pag-fill up ng isang papel** na *Oregon Voter Registration Card*. Maaari kang makakuha ng papel na card sa opisina ng Multnomah County Elections, sa iyong pampublikong aklatan, sa opisina ng Department of Motor Vehicles (DMV) ng Oregon, o sa opisina ng koreo.
- Kung bibisita ka sa DMV ng Oregon upang kumuha ng bago o magpapalit ng lisensya sa pamamaneho, permit sa pagmamaneho, o card ng pagkakakilanlan, maaari kang i-sign up upang bumoto nang walang iba pang gagawin (Oregon Motor Voter Automatic Registration method). Maaari ka ring i-sign up upang bumoto nang awtomatiko pero hindi ito mangyayari agad-agad.

Tumawag sa Multnomah County Elections para sa mga tanong o para sa tulong sa pag-sign up upang bumoto.

Paano bumoto sa pamamagitan ng koreo?

Isinasagawa ang lahat ng eleksyon sa Oregon sa pamamagitan ng opisina para sa mga eleksyon ng county. Ipinapadala ng opisina para sa mga eleksyon ng county ang mga balota nang direkta sa mga botante sa pamamagitan ng koreo. Kinukumpleto ng mga botante ang kanilang mga balota, at pagkatapos ay ipinapadala ang mga ito pabalik sa opisina para sa mga eleksyon ng county sa pamamagitan ng koreo o sa isang opisyal na drop box. Maaari kang bumoto sa pamamagitan ng koreo sa Oregon sa anim na simpleng hakbang:

1. Mag-sign up upang bumoto online, sa papel, o sa pamamagitan ng awtomatikong paraan ng pagpaparehistro. Makakakuha ka ng Voter Notification Card sa koreo. Kinukumpirma ng card na nag-sign up ka upang bumoto. Maaari ka ring tumawag o bumisita sa Multnomah County Elections upang malaman ang tungkol dito.
2. Apat na linggo bago ang isang eleksyon, makakatanggap ka ng Voters' Pamphlet sa koreo. Ang Voters' Pamphlet ay isang maliit na aklat na ginawa ng Oregon Secretary of State at ng Multnomah County Elections. Naglalaman ang Voters' Pamphlet ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at ang mga ipinanukalang pagbabago sa mga batas. Ito ay maaaring mga lokal na kandidato o batas (lungsod, county, at distrito), sa antas ng estado o pambansang antas (bansa). Ang Voters' Pamphlet ay available online sa *oregonvotes.gov*.
3. Dalawang linggo bago ang eleksyon, matatanggap mo ang iyong balota sa koreo. Kung

hindi mo matatanggap ang iyong balota, tumawag sa Multnomah County Elections upang kumuha ng bagong balota.

4. Bumoto sa pamamagitan ng pagpuno sa iyong balota. Sa Ingles lang nakasulat ang mga balota pero maaari kang humiling ng interpreter sa anumang wika upang matiyak na maiintindihan mo ang balota. Kapag napagpasyahan mo na kung paano boboto, gumamit ng asul o itim na ballpen upang markahan ang iyong mga napili. Maaari ka ring mag-iwan ng blangko. Maaari kang maglagay ng kandidato sa alinmang posisyon. Kung magkamali ka o mawala ang iyong balota, tumawag sa Multnomah County Elections upang kumuha ng bagong balota.
5. Ilagay ang iyong balota sa return envelope. Tiyakin na tama ang iyong pangalan at address. Dapat mong **lagdaan ang return envelope** para mabilang ang iyong boto. Kung hindi mo malalagdaan ang iyong return envelope dahil sa isang kapansanan, tumawag sa Multnomah County Elections para humingi ng tulong.
6. Ibalik mo ang iyong balota. Maaari mong ipadala sa sulat ang iyong balota nang may primera klaseng selyo o maaari mong ihulog ang iyong balota sa lugar ng isang opisyal na drop box. May walong lugar na kinaroroonan ng drop box na bukas nang 24 na oras at mga opisyal na drop box ng balota na nasa loob ng lokasyon ng bawat Multnomah County Library kapag bukas ang aklatan. Dapat makarating ang mga balota sa Elections Office o mailagay sa loob ng opisyal na drop box bago sumapit ang 8:00 PM sa Araw ng Eleksyon. Kung ipapadala mo sa koreo ang iyong balota, tiyaking magagawa mo iyon kahit isang linggo man lang bago ang Araw ng Eleksyon upang matiyak na makakarating ito sa oras.

Kanino ako magtatanong kapag mayroon pa akong mga katanungan?

Makipag-ugnayan sa Multnomah County Elections:
Mga Oras: Lunes - Biyernes, 8:00 AM - 5:00 PM.
Tumawag nang maaga sa mga oras na bukas ang opisina malapit ang araw ng isang eleksyon.
Address: 1040 SE Morrison Street, Portland, OR 97214
Telepono: 5039883720 | Fax: 5039883719 | TTY Relay: 711
Email: elections@multco.us

Makipag-ugnayan sa Oregon Secretary of State, Elections Division:
Telepono: 18666738683 | Fax: 5033737414 | TTY Relay: 711
Email: elections.sos@state.or.us

Maaari ba akong humiling ng tulong sa pagboto sa aking sariling wika?

Oo. Naglalaan ang Multnomah County Elections ng interpreter, nang libre, sa sinumang nangangailangan ng tulong sa alinmang hakbang sa pagboto, kabilang ang:

- Pag-signup upang bumoto
- Pagmamarka o pagbabasa ng balota
- Pagbabago ng iyong address, pangalan, partido sa politika, o iba pang impormasyon ng botante
- Pag-unawa sa mga panuntunan ng eleksyon at mga hakbang sa pagboto
- Anumang iba pang tulong na nauugnay sa eleksyon

Palaging libre ang tulong na ito. Para sa tulong, tumawag, mag-email, o bumisita sa opisina para sa mga eleksyon. Available ang pag-interpret gamit ang telepono para sa anumang wika at may mga nagtatrabaho sa mga eleksyon na bilingual (Spanish). Maaari mo ring tawagan ang Oregon Secretary of State, Elections Division upang humiling ng interpreter.

Maaari ba akong humingi ng tulong sa pagboto kung mayroon akong kapansanan?

Oo. Nagbibigay ang Multnomah County Elections ng tulong na may kaugnayan sa pagboto at mga eleksyon para sa mga botante na may mga kapansanan. Maaari kang tulungan ng Multnomah County Elections sa iyong bahay o sa opisina para sa mga eleksyon. **Palaging libre ang tulong na ito.** Tumawag, mag-email, o bumisita sa Multnomah County Elections para humingi ng tulong sa anumang hakbang sa pagboto, kabilang ang:

- Pag-signup upang bumoto
- Pagmamarka o pagbabasa ng balota
- Pagbabago ng iyong address, pangalan, partido sa politika, o iba pang impormasyon ng botante
- Pag-unawa sa mga panuntunan ng mga eleksyon at mga hakbang sa pagboto
- Anumang iba pang tulong na nauugnay sa eleksyon

Nais ng Multnomah County Elections na makaboto ka nang madali, pribado at malaya, maunawaan ang mga hakbang sa pagboto, maunawaan ang mga panuntunan sa eleksyon, at malaman mo kung sino ang lalapitan para sa tulong. Iba-iba ang sitwasyon ng bawat botante. Mangyaring makipag-ugnayan sa Multnomah County Elections para sa tulong.

Multnomah County Elections
Address: 1040 SE Morrison Street, Portland OR 97214
Telepono: 503-988-3720
Email: elections@multco.us
Website: www.mcelections.org